# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Paggamit ng Pang-angkop

Kakayahan: Naipagsasama ang mga salita gamit ang pang-angkop

**A.** Bumuo ng parirala mula sa dalawang salitang ibinigay sa pamamagitan ng paggamit ng pang-angkop. Isulat ang sagot sa patlang.

*Halimbawa:* semento + bakod = sementong bakod

1. bilog + buwan = ____________________________________
2. buwanan + pagsusulit = ____________________________________
3. plastik + bote = ____________________________________
4. hangin + amihan = ____________________________________
5. baha + kalsada = ____________________________________
6. karagdagan + impormasyon = ____________________________________
7. matindi + trapik = ____________________________________
8. pinakatanyag + boksingero = ____________________________________
9. tungkulin + ginagampanan = ____________________________________
10. biyaya + natanggap = ____________________________________
11. napakalaki + pagkakamali = ____________________________________
12. bulok + pagkain = ____________________________________
13. uliran + ina = ____________________________________
14. kawawa + bata = ____________________________________
15. pangako + binitiwan = ____________________________________

© 2015 Pia Noche

**B.** Gamitin ang mga sagot na parirala sa bahagi **A** upang mabuo ang mga pangungusap sa ibaba.

1. Kahanga-hanga ang pagmamahal at pagsasakripisyo ni Carmela para sa kanyang mga anak.  Si Carmela ay maituturing isang ___________________________.
2. Ang kawalan ng disiplina ng mga tsuper at mga taong tumatawid ay nagdudulot ng ___________________________ sa malalaking kalsada ng siyudad.
3. Nagbibigay ng sapat na liwanag ang ___________________________ at ang di-mabilang na mga bituin sa langit ngayong gabi.
4. Maipagmamalaki ng Pilipinas na si Manny Pacquiao ay isa sa mga ___________________________ sa buong mundo.
5. Hindi pa sapat ang aking nalalaman tungkol sa kasong ito upang makagawa ako ng tamang desisyon.  Kailangan ko pa ng ___________________________.
6. Tuwing Oktubre hanggang Marso, dumarating sa Pilipinas ang malamig at tuyong ___________________________.  Nagdudulot ito ng malamig na panahon sa ating bansa.
7. Kahit malayo tayo sa isa't isa, kailanman ay hindi ko malilimutan ang mga ___________________________ natin noong nagpakasal tayo.  Minamahal pa rin kita at mananatili akong tapat sa iyo.
8. Pinagsisihan ni Norman ang ginawa niya kagabi.  Naging pabaya siya at nakapinsala tuloy ng isang mag-anak na sakay sa kotse sa harap niya.  Ang pagmaneho niya habang siya'y lasing ay isang ___________________________ .

© 2015  Pia Noche

9. Masipag na nag-aral si Janice kagabi dahil nais niyang makakuha ng mataas na marka. Ngayon ay handang-handa na siya sa kanilang ___________________________ sa paaralan.
10. Huwag mo nang ihain ang mga ___________________________ at baka sumakit pa ang ating mga sikmura. Itapon mo na ang mga iyan sa basurahan.
11. Nalaman ng guro na isa sa kanyang mga mag-aaral ay inaabuso ng sariling magulang. Inimbestigahan ng DSWD ang kalagayan ng ___________________________ upang mailayo nila siya sa kapahamakan.
12. Dahil sa matinding kahirapan, nangangalakal na lang sina Gener at Rose. Nangongolekta sila ng mga lumang diyaryo, yero, at ___________________________ mula sa mga tambakan ng basura.
13. Tuwing malakas ang buhos ng ulan, huwag maglakad sa mga ___________________________ upang makaiwas sa sari-saring sakit at impeksiyon na maaaring makuha mula sa maruming tubig baha.
14. Ang pagtulong natin sa mga kapuspalad ay isang paraan upang magpasalamat tayo sa Panginoon para sa mga ________________ ___________________ natin noong nakalipas na taon.
15. Ang pagtutulungan ay mahalaga upang mapanatiling masaya ang isang pamilya. Bawat miyembro ay may kanya-kanyang takdang gawain sa tahanan. Ano ang iyong ____________________ ____________________ bilang miyembro ng iyong pamilya?

© 2015 Pia Noche

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Paggamit ng Pang-angkop (Mga Sagot)

Kakayahan: Naipagsasama ang mga salita gamit ang pang-angkop

**A.** Bumuo ng parirala mula sa dalawang salitang ibinigay sa pamamagitan ng paggamit ng pang-angkop. Isulat ang sagot sa patlang.

*Halimbawa:* semento + bakod = <u>sementong bakod</u>

1. bilog + buwan = **bilog na buwan**
2. buwanan + pagsusulit = **buwanang pagsusulit**
3. plastik + bote = **plastik na bote**
4. hangin + amihan = **hanging amihan**
5. baha + kalsada = **bahang kalsada**
6. karagdagan + impormasyon = **karagdagang impormasyon**
7. matindi + trapik = **matinding trapik**
8. pinakatanyag + boksingero = **pinakatanyag na boksingero**
9. tungkulin + ginagampanan = **tungkuling ginagampanan**
10. biyaya + natanggap = **biyayang natanggap**
11. napakalaki + pagkakamali = **napakalaking pagkakamali**
12. bulok + pagkain = **bulok na pagkain**
13. uliran + ina = **ulirang ina**
14. kawawa + bata = **kawawang bata**
15. pangako + binitiwan = **pangakong binitiwan**

© 2015 Pia Noche

**B.** Gamitin ang mga sagot na parirala sa bahagi **A** upang mabuo ang mga pangungusap sa ibaba.

1. Kahanga-hanga ang pagmamahal at pagsasakripisyo ni Carmela para sa kanyang mga anak. Si Carmela ay maituturing isang ___**ulirang ina**___.
2. Ang kawalan ng disiplina ng mga tsuper at mga taong tumatawid ay nagdudulot ng ___**matinding trapik**___ sa malalaking kalsada ng siyudad.
3. Nagbibigay ng sapat na liwanag ang ___**bilog na buwan**___ at ang di-mabilang na mga bituin sa langit ngayong gabi.
4. Maipagmamalaki ng Pilipinas na si Manny Pacquiao ay isa sa mga ___**pinakatanyag na boksingero**___ sa buong mundo.
5. Hindi pa sapat ang aking nalalaman tungkol sa kasong ito upang makagawa ako ng tamang desisyon. Kailangan ko pa ng ___**karagdagang impormasyon**___.
6. Tuwing Oktubre hanggang Marso, dumarating sa Pilipinas ang malamig at tuyong ___**hanging amihan**___. Nagdudulot ito ng malamig na panahon sa ating bansa.
7. Kahit malayo tayo sa isa't isa, kailanman ay hindi ko malilimutan ang mga ___**pangakong binitiwan**___ natin noong nagpakasal tayo. Minamahal pa rin kita at mananatili akong tapat sa iyo.
8. Pinagsisihan ni Norman ang ginawa niya kagabi. Naging pabaya siya at nakapinsala tuloy ng isang mag-anak na sakay sa kotse sa harap niya. Ang pagmaneho niya habang siya'y lasing ay isang ___**napakalaking pagkakamali**___ .

9. Masipag na nag-aral si Janice kagabi dahil nais niyang makakuha ng mataas na marka. Ngayon ay handang-handa na siya sa kanilang buwanang pagsusulit sa paaralan.

10. Huwag mo nang ihain ang mga bulok na pagkain at baka sumakit pa ang ating mga sikmura. Itapon mo na ang mga iyan sa basurahan.

11. Nalaman ng guro na isa sa kanyang mga mag-aaral ay inaabuso ng sariling magulang. Inimbestigahan ng DSWD ang kalagayan ng kawawang bata upang mailayo nila siya sa kapahamakan.

12. Dahil sa matinding kahirapan, nangangalakal na lang sina Gener at Rose. Nangongolekta sila ng mga lumang diyaryo, yero, at plastik na bote mula sa mga tambakan ng basura.

13. Tuwing malakas ang buhos ng ulan, huwag maglakad sa mga bahang kalsada upang makaiwas sa sari-saring sakit at impeksiyon na maaaring makuha mula sa maruming tubig baha.

14. Ang pagtulong natin sa mga kapuspalad ay isang paraan upang magpasalamat tayo sa Panginoon para sa mga biyayang natanggap natin noong nakalipas na taon.

15. Ang pagtutulungan ay mahalaga upang mapanatiling masaya ang isang pamilya. Bawat miyembro ay may kanya-kanyang takdang gawain sa tahanan. Ano ang iyong tungkuling ginagampanan bilang miyembro ng iyong pamilya?

© 2015 Pia Noche 